

**Pangalan ng Claimant
Lungsod ng Address ng
Claimant, CA ZIP Code**

ABISO NG PANGANGAILANGANG MAGPAREHISTRO PARA SA TRABAHO

Ngayong naghain ka na ng paghahabol (claim) sa Insurance para sa Kawalan ng Trabaho (Unemployment Insurance o UI), kinakailangan ng Kagawaran ng Pag-unlad sa Pagtatrabaho (Employment Development Department o EDD) na magparehistro ka para makapagtrabaho sa pamamagitan ng paggamit sa CalJOBSSM, ang online na system sa pagpapalitan ng trabaho (labor exchange) ng California. Noong inihain mo ang iyong paghahabol sa UI, nagpasimula ang EDD ng talaan ng paunang pagpaparehistro (pre-registration) para sa iyo.

Mayroon kang **21 araw mula sa petsa ng abisong ito** para i-access ang CalJOBSSM upang kumpletuhin ang iyong impormasyon sa pagpaparehistro at magdagdag ng résumé. Kung nagamit mo na ang CalJOBSSM dati, kakailanganin mong i-update ang iyong impormasyon sa pagpaparehistro at idagdag ang tungkol sa iyong pinakahuling naging trabaho.

Kung hindi mo pa nagamit dati ang CalJOBSSM, mangyaring mag-log in sa **www.caljobs.ca.gov** gamit ang sumusunod na paraan ng paggawa ng username: ang iyong buong apelyido, ang unang titik ng iyong pangalan at ang huling apat na digit ng iyong Social Security number (SSN) bilang ang iyong username. Gamitin ang huling apat na digit ng iyong Social Security number para sa iyong password.

HALIMBAWA LANG para kay John Smith na may SSN na XXX-XX-1234 (gagamitin mo ang iyong pangalan at SSN):

Username: Smithj1234
Password: 1234

Aabisuhan ka na palitan ang iyong pansamantalang password sa unang pagkakataong mag-log in ka. Kung hindi ka makapag-log in o kailangan mo ng tulong, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong lokal na America's Job Center of CaliforniaSM (AJCC) na nakalista sa ibaba.

ANG HINDI PAGPAPAREHISTRO SA CALJOBSSM AY MAAARING MAKAAPEKTO SA IYONG PAGIGING KWALAPIKADO NA MAKATANGGAP NG MGA BENEPISYO NG INSURANCE PARA SA KAWALAN NG TRABAHO

Sa CalJOBSSM, maaari kang gumawa ng dekalidad na résumé na matitingnan ng mga nakarehistrong employer. Maaari kang tumingin ng at mag-apply para sa maraming iba't ibang bukas na trabaho sa loob ng iyong lungsod o saanman sa California. Maaari kang magtakda ng "Virtual Recruiter" sa seksyong Mga Serbisyo para sa Naghahanap ng Trabaho (Job Seeker Services) upang awtomatiko kang maabisuhan sa pamamagitan ng email o fax kapag mayroong mga bagong bukas na trabaho na akma sa iyong mga kasanayan at layunin.

- Maaari mong i-access ang CalJOBSSM nang online sa: **www.caljobs.ca.gov** o bisitahin ang isang lokal na America's Job Center of CaliforniaSM (AJCC) upang mag-log on at makapagsimula. Kung wala kang access sa Internet o kailangan mo ng tulong sa pag-access sa CalJOBSSM, bisitahin ang pinakamalapit na job center sa iyo. Nag-aalok ang mga job center ng resource area o lugar na may mga computer na magagamit mo para sa iyong online na paghahanap ng trabaho at mga kawani na tutulong sa iyo sa bawat hakbang na iyong gagawin.

Ang address at numero ng telepono ng iyong lokal na AJCC ay:

**Ang iyong lokal na America's Job Center of California
0000 Main St.
Claimant, CA ZIP Code
000-000-0000**

Inaatas ng batas ng California na magbigay ng dokumentong patunay ng legal na katayuan o pahintulot na makapagtrabaho ang lahat ng aplikante ng mga serbisyo sa pagtatrabaho bago makatanggap ng mga serbisyo. Upang makumpleto ang iyong pagpaparehistro sa isang lokal na job center, dapat mong dalhin ang mga kinakailangang dokumento. Kalakip nito ang isang brochure na naglilista sa mga tinatanggap na dokumento.

Ang EDD, na isang employer/programa para sa pantay-pantay na oportunidad, ay katuwang sa publication na ito. Mayroong mga karagdagang tulong o serbisyo na maaaring hilingin ng mga indibidwal na may mga kapansanan. Ang mga kahilingan para sa mga serbisyo, tulong at/o alternatibong format ay kailangang gawin sa pamamagitan ng pagtawag sa numero (voice) sa itaas o sa TTY 800-815-9387.